

# Pag-abuso sa Matatanda

Papel-kaalaman

## PAGSASABI SA ISANG TAO TUNGKOL SA PAG-ABUSO

Ang impormasyong ito ay mula sa **Seniors Legal and Support Service** (Serbisyong Pambatas at Suporta para sa Matatanda) sa Caxton Legal Centre. Ang serbisyong ito ay pinopondohan ng pamahalaan ng estado. Ito ay nag-aalay ng libre, kompidensyal at mga serbisyong panlipunan sa matatanda upang tulungan silang harapin ang pinsala o pagpapabaya ng pinagkakatiwalaang mga kapamilya o kaibigan.

### PAANO MAKAKUKUHA NG LIBRENG TULONG – ISA-ISANG HAKBANG

Ang pag-abuso ay maaaring pampinansyal, pasalita, pandamdamin, pisikal o kombinasyon ng mga ito. Kadalasan, mahirap pag-usapan ang tungkol sa mga problemang ito, at karaniwan ang makaramdam ng pagkahiya tungkol sa nangyayari. Kung kayo ay nag-aalala o nangangamba at nais ninyong malaman ang tungkol sa inyong mga opsyon upang pabutihin ang inyong sitwasyon, makakatawag kayo sa pambuong estadong helpline sa 1300 651 192 at humingi ng tulong.

## ISANG KARANIWANG ISTORYA

### Nais ni Clara na mahinto ang pag-abuso nguni't natatakot siyang magsabi

Si Clara ay 71 taong gulang. Siya ay lungkot na lungkot dahil sa pagtrato ng kanyang pamilya sa kanya. Hindi nila siya iginagalang. Hindi sila nakikinig sa kanya. Kinokontrol nila ang kanyang pera at ang kanyang bahay. Kung minsan ay may sigawan, murahan, tulakan o hampasan. Nadarama niyang hindi siya ligtas kapag nangyayari ito. May masasakit na komentong sinasabi tungkol sa kanya. Madalas siyang nag-aalaga ng mga apo at siya ay pagod na pagod na. Ayaw ni Clara na malagay sa gulo ang kanyang pamilya. Gusto lamang niya na itigil nila ang di-mabuting pagtrato sa kanya.

## MGA KARAPATAN NI CLARA

Si Clara ay may karapatang mamuhay nang wala ang ganitong uri ng di-mabuting pagtrato. Ang pag-aasal na ito ay tinatawag na 'pag-abuso'. Ang pamimilit ng pamilya at komunidad ay maaaring pumipigil kay Clara na magsalita tungkol sa pag-abuso.

Maaaring nahihiya siya at nag-aalala na hindi siya paniniwalaan kung ito ay ire-report niya. Maaaring siya ay natatakot kung ano ang gagawin ng pulis kung siya ay tatawag sa kanila. Maaaring pakiramdam niya ay wala siyang magagawa at hindi alam kung sino ang kakausapin. Maaaring tinangka ni Clara na makipag-usap sa komunidad tungkol sa pag-abuso, nguni't nagpatuloy ang di-mabuting pagtrato.

Panahon na ngayon upang magsabi sa isang tao at may ibat ibang paraan na matutulungan si Clara. Si Clara ang makapipili sa uri ng tulong na tatanggapin niya upang mahinto ang pag-abuso.

caxton
legal centre inc

# ITO'Y DESISYON NI CLARA

Kung si Clara ay nagdesisyon na kailangan niyang magsabi sa isang tao tungkol sa pag-abuso, maaari siyang makipag-usap sa isang tao sa Seniors Legal and Support Service (Serbisyong Pambatas at Suporta sa Matatanda) na:

- isang organisasyong pangkomunidad at hindi bahagi ng pulisya o pamahalaan
- libre at kompidensyal
- isang serbisyo ng pagpapayo, kaya kung nais lamang ni Clara na makipag-usap sa isang tao, nguni't hindi gagawa ng anuman, okey ito.

Ang Seniors Legal and Support Service ay:

- makapagbibigay kay Clara ng pambatas na payo
- makapagbibigay ng mga serbisyong panlipunan kay Clara kabilang ang tulong sa pag-aalaga ng matatanda, transportasyon, pabahay, pangkalusugan at iba pang mga serbisyong pangsuporta
- makapagbibigay kay Clara ng listahan ng mga hakbang na mapagpipilian niya upang mahinto ang pag-abuso, at si Clara ay makakapagdesisyon kung anong mga hakbang ang nais niyang gawin.

## Maaaring magdesisyon din si Clara na makipag-usap sa:

- isang tao na kanyang pinagkakatiwalaan sa kanyang komunidad upang malaman kung makatutulong sila
- isang kapitbahay na pinagkakatiwalaan, o kaibigan na maaaring kumontak sa Seniors Legal and Support Service para kay Clara
- kanyang doktor, na pananatilihing kompidensyal ang impormasyon maliban kung sasang-ayon si Clara na tulungan siya ng doktor sa pamamagitan ng pagsasabi sa iba pang serbisyo tungkol sa kanyang sitwasyon
- isang kawani sa pag-aalaga ng matatanda na nagbibigay sa kanya ng mga serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda, na makikipag-usap sa kanyang manedyer tungkol sa kung paano matutulungan si Clara
- isang nars o social worker kung si Clara ay na-ospital
- pulis kung si Clara ay nasa kagyat na panganib, sa pamamagitan ng pagtawag sa 000.

# ANO ANG MAAARING MANGYARI SA PAMILYA NI CLARA

Si Clara ay nag-aalala tungkol sa kanyang pamilya at sa maaaring mangyari kung magsasabi siya kaninuman tungkol sa pag-abuso. Ang pinakamasamang maaaring mangyari ay:

- sa kasamaang-palad, ang kanyang relasyon sa pamilya at komunidad ay maaaring manatiling pilit o sira at mangangailangan ng panahon upang maghilom
- maaaring magkaroon ng pagdinig sa Korte ng mga Mahistrado upang gumawa ng mga pamproteksyong kautusan para kay Clara upang mahinto ang pag-aasal ng kanyang pamilya. Ang pamilya ni Clara ay hindi paparusahan maliban kung hindi nila susundin ang mga kautusang iyon
- kung si Clara ay may mahinang kakayahan sa paggawa ng desisyon, maaaring magkaroon ng pagdinig sa Queensland Civil and Administrative Tribunal (Pambayan at Pampangasiwaang Tribunal ng Queensland) upang gumawa ng mga kautusan na maghihirang ng isang mapagkakatiwalaang kapamilya o lupon ng pamahalaan upang gumawa ng mga desisyon para kay Clara.

## Ang mga positibong bagay na maaaring mangyari para sa pamilya kung magsasabi si Clara sa isang tao ay:

- maaaring magdesisyon ang kanyang pamilya na baguhin ang kanilang mga pag-aasal
- mababawi ni Clara ang pagkontrol ng kanyang buhay at pera
- maisasaayos niya ang kanyang mga bagay-bagay upang ang pag-abuso ay hindi na mangyaring muli
- madarama ni Clara na siya ay ligtas na muli
- makikita niya ang kanyang magagandang apo nang hindi na siya magbibigay ng lahat ng pangangalaga para sa kanila
- malalaman ni Clara ang tungkol sa mga serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda at mga aktibidades sa kanyang pook upang mapanatili niya ang kanyang kalusugan at pagsasarili nang matagal hangga't maaari
- makapag-aayos ng suporta upang mabawasan ang pagkapagod kung siya ay may carer (tagapag-alaga) na sobrang pagod na.

Tandaan, si Clara ay may karapatan na tratuhin siya nang makatarungan. Matatawagan niya kami para sa libre at kompidensyal na payo at suporta. Pagkatapos, ang desisyon na gumawa ng anumang aksyon ay kanya – hindi namin siya itutulak tungo sa anuman.

# SAAN MAKAKUKUHA NG LIBRENG TULONG

SENIORS LEGAL AND SUPPORT SERVICE (MGA SERBISYONG PAMBATAS AT SUPORTA PARA SA MATATANDA)
Sa Caxton Legal Centre para sa pambatas na payo at suportang panlipunan at pagtataguyod
Tel: (07) 3214 6333

ELDER ABUSE PREVENTION UNIT (YUNIT SA PAGHADLANG NG PAG-ABUSO SA MATATANDA)
Tel: 1300 651 192

ADA AUSTRALIA
para sa tulong na magsalita para sa inyong mga karapatan sa paggawa ng desisyon o para sa inyong mga alalahanin tungkol sa mga serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda
Tel: 1800 818 338 o 3637 6000

DIVERSICARE
para sa tulong sa may kalidad na mga serbisyo-sa-tahanan para sa mga tao na may ibat ibang kultura at wika
Tel: 1300 348 377

MGA PAMPINANSYAL NA TAGAPAYO
para sa tulong sa mga karaniwang problema sa utang
Tel: 1800 007 007

POLICE LINK (PAKIKIPAG-UGNAY SA PULISYA)
Tel: 13 14 44 o 000 para sa mga emerhensya

PUBLIC TRUSTEE OF QUEENSLAND (PAMPUBLIKONG TAGAPANGASIWA NG QUEENSLAND)
para sa pagsusulat ng libreng Huling Habilin at mga EPA (may bayad)
Tel: 1300 360 044

TELEPHONE INTERPRETING SERVICE (SERBISYO NG INTERPRETER SA TELEPONO)
Tel: 13 14 50

OFFICE OF THE PUBLIC GUARDIAN (OPISINA NG PAMPUBLIKONG GUARDIAN)
para sa mga alegasyon ng pag-abuso laban sa isang adulto na may mahinang kakayahan sa paggawa ng desisyon
Tel: 1300 653 187

QUEENSLAND ADVOCACY INCORPORATED (PAGTATAGUYOD SA QUEENSLAND INGKORPORADA)
para sa pambatas na pagtataguyod para sa mga taong may kapansanan
Tel: 1300 130 582

QUEENSLAND LAW SOCIETY (SAMAHANG PAMBATAS NG QUEENSLAND)
para sa mga detalye ng pagkontak sa mga abogadong pribado
Tel: 1300 367 757

SENIORS ENQUIRY LINE (MATATAWAGAN NG MATATANDA PARA MAGTANONG)
Kapag hindi ninyo tiyak kung saan dadalhin ang isang tanong o problema
Tel: 1300 135 500

Caxton Legal Centre Inc.
© Copyright Caxton Legal Centre Inc.
1 Manning Street
South Brisbane Qld 4101

Telepono: (07) 3214 6333
Facsimile: (07) 3846 7483
Internet: www.caxton.org.au



Ang impormasyong ito ay pangkasalukyan noong Pebrero 2019.

## Pagkakaila

Ang papel-kaalamang ito ay nilalayon upang magbigay ng masaklaw na payo lamang at hindi dapat gamitin bilang pamalit sa pambatas na payo. Bagama't lahat ng pagsisikap ay ginawa upang matiyak ang kawastuan sa panahon ng pagsusulat, ang batas ay masalimuot at laging nagbabago.
Walang tatanggaping pananagutan para sa anumang pagkawala, pagkasira o pinsala, pampinansyal man o hindi, na daranasin ng isang tao na kumilos o nagtiwala sa impormasyong taglay o hindi taglay sa lathalaing ito.